

Ang Sampung Utos

1-Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios liban sa akin. 2-Huwag kang gagawa ng mga dios-diosan. 3-Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan. 4-Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. 5-Igalang mo ang iyong ama at ina. 6-Huwag kang papatay. 7-Huwag kang makikiapid. 8-Huwag kang magnanakaw. 9-Huwag kang magsinungaling. 10-Huwag mong pagnasahan ang pagaari ng iyong kapwa. Darating ang panahon na ikaw ay haharap sa Dios sa Araw ng Paghuhukom. Sa Dios, ang pagtingin sa iba ng may pagnanasa ay katumbas ng pakikiapid, "...ang bawa't tumingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkakasala na ng pakikiapid sa kaniyang puso." (Mateo 5:28). Sa Dios, ang galit ay katumbas ng pagpatay, "Ang sinomang napopoot sa kaniyang kapatid ay mamamatay-tao..." (1 Juan 3:15) Sa Langit ka kaya pupunta pagkatapos mong mamatay? Dumaan sa maikling pagsusulit. Nagawa mo na bang magsinungaling, magnakaw, gamitin ang ngalan ng Dios sa walang kabuluhan, o kaya'y tumingin ng may pagnanasa sa iba? Ayon sa Santiago 2:10, "...ang sinomang gumaganap ng buong kautusan, at gayon ma'y natitiod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat." Ikaw kaya'y matatagpuang may sala sa Araw ng Paghuhukom? Kung nagawa mo nang labagin ang mga Utos na nabanggit, tinitignan ka ng Dios na isang sinungaling, na magnanakaw, mamumusong at makikiapid sa iyong puso. Ayon sa Bibliya, kung ikaw ay may sala, nararapat kang dalhin sa Impiyerno. Ngunit ibinigay ng Dios ang Kanyang Anak upang magdusa at mamatay sa krus. Inako ni Hesus ang iyong kaparusahan, "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16) Pagkatapos nito'y nabuhay si Hesus mula sa libingan at tinalo Niya ang kamatayan. Magsisi ka (tumalikod sa kasalanan) at manampalataya kay Hesus at bibigyan ka ng Dios ng buhay na walang hanggan. Basahin mo ang Bibliya at sundin ang mga sinasabi nito.

Ang Salita ng Diyos I

Kailangan mong maligtas. "...sinasabi ko sa iyo maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Dios." (Juan 3:3) Lahat tayo ay parang mga tupang nangaligaw. Iniwan natin ang daan ng Dios at pinili ang sarili nating daan. (Isaias 53:6) Akong Panginoon, ay sumisiyasat ng pag-iisip, aking tinatarok ang mga puso, upang magbigay sa bawa't tao ng ayon sa kanikaniyang lakad, ayon sa bunga ng kanikaniyang mga gawain. (Jeremias 17:10) Maliban kang magsisi sa iyong kasalanan at tutuon sa Dios, ikaw ay mapapahamak. (Lukas 13:3) Hindi mo kaya iligtas iyong sarili. Hindi tayo iniligtas ng Dios dahil sa mabubuti nating nagawa kundi dahil sa Kanyang habag. Siya ang naglilinis ng ating kasalanan, upang tayo'y ipanganak ng muli at mabigyan ng bagong buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. (Tito 3:5) May daan na tila matuwid sa isang tao, nguni't ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan. (Kawikaan 14:12) Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko. (Juan 14:6) Walang taong mapapawalang-sala dahil sa pagsunod sa mga kautusan. Ang tanging ginagawa ng kautusan ay ipakita sa atin na tayo'y makasalanan. (Roma 3:20) Na Siya rin ang nagdala ng ating mga kasalanan sa kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy, upang pagkamatay natin sa mga kasalanan, ay mangabuhay tayo sa katuwiran; na dahil sa kaniyang mga sugat ay nangagsigaling kayo. (1 Pedro 2:24) Si Kristo na ang namatay para sa ating mga kasalanan. Inilibing Siya ngunit nabuhay nang muli pagkaraan ng tatlong araw. (1 Korinto 15:3-4) Sa biyaya lamang ng Dios tayo nangaligtas, sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios; Hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinoman ay huwag magmayabang. (Efeso 2:8-9)

Ang Salita ng Diyos II

Maniwala ka sa Salita ng Dios at ikaw ay maliligtas. At sinabi ni Hesus sa kanila, "Ito lamang ang nais ng Dios na inyong gawin: Sampalatayanan yaong kaniyang sinugo." (Juan 6:29) "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na

nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan.” (Juan 5:24) Ang sinumang nasa kanya ang Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay. Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan. (1 Juan 5:12-13) Ihayag mo sa tao ang iyong paniniwala kay Hesus. Ang sinomang magmakahiya sa akin at sa aking salita, ay ikahihiya siya ng Anak ng tao. (Lukas 9:26) Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang muli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka: Sapagka't sa panampalataya sa puso ang tao'y nagiging matuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas. (Roma 10:9-10) Ang panampalataya na para sa kaligtasan ay nagbubunga ng mabubuting gawa. Anong pakikinabangin kung sinasabi ng sinoman na siya'y may panampalataya ngunit hindi naman makita sa kanyang gawa? (Santiago 2:14) Sapagka't Dios ang gumagawa sa inyo, na nagbibigay sa inyo ng pagnanasa at kakayahang gumawa ayon sa kaluguran Niya. (Filipos 2:13) Oo, lahat tayo'y magsusulit sa Dios balang araw. (Roma 14:12) Ngunit kung ayaw mong sumunod sa Dios, piliin mo ngayon kung sino ang paglilingkuran mo, ngunit ako at aking pamilya ay maglilikod sa Dios. (Josue 24:15)

Ang Paraan ng Kaligtasan Mula sa Diyos I

Ikaw ba ay pupunta sa Langit kapag binawian ng buhay? Ayon sa Dios, kailangan mong “ipanganak nang muli” upang makarating sa Langit. (Juan 3:7) Nasusulat sa Bibliya ang paraan ng Dios upang tayo'y maipanganak ng muli. Una, dapat mong maintindihan na ikaw ay makasalanan. “Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.” (Roma 3:23) Dahil ikaw ay makasalanan, ikaw ay nahatulang mamatay . “...ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan” (Roma 6:23). Kaakibat nito ay ang magpawalang-hanggan pagkahiwalay sa Dios, sa Impiyerno. “... itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom.” (Hebreo 9:27) Ngunit labis ang pag-ibig sa atin ng Dios kaya ibinigay Niya ang kanyang bugtong na Anak na si Hesus, upang Siya ang magbayad para sa ating mga kasalanan. “Ngunit ipinakita ng Dios ang kaniyang pagibig sa atin, na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin.” (Roma 5:8) Hindi man natin lubos maintindihan kung paano, ngunit inilipat ng Dios ang ating mga kasalanan kay Hesus at Siya ang namatay para sa atin. “Iniuutos ng Dios sa lahat ng tao sa lahat ng lugar na mangagsisi at manampalataya sa Kanya.” (Mga Gawa 17:30) Ang pagsisisi ay ang pagtalikod sa kasalanan, pag-ayon sa Dios na tayo'y makasalanan, at ang pag-ayon sa ginawa ni Hesus para sa atin sa krus. Ang tanong: “Ano ang dapat kong gawin upang maligtas?” (Mga Gawa 16:30) Ang sagot: maniwala na si Hesus ang umako sa iyong mga kasalanan, namatay para sa iyo, inilibing, at binuhay muli ng Dios. Ang pagkabuhay Niyang muli mula sa libingan ang ating kasiguraduhan na tayo'y may buhay na walang hanggan kung si Hesus nga ang ating Tagapagligtas. “At sa lahat ng naniwala at tumanggap sa Kanya, binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Dios.” (Juan 1:12)

Ang Paraan ng Kaligtasan Mula sa Diyos II

“Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas.” (Roma 10:13) Maniwala at ikaw ay maliligtas. Walang relihiyon o anumang mabubuting gawa ang makapagliligtas sa iyo. Tandaan, ang Dios ang nagliligtas. Ang paraan ng kaligtasan mula sa Dios: Ikaw ay makasalanan at maliban kang magsisi at maniwala kay Hesus na namatay para sa iyo, ikaw ay magdurusa sa Impiyerno magpawalang-hanggan. Kung manampalataya ka sa Kanya bilang iyong Tagapagligtas na namatay sa krus, inilibing at nabuhay na muli, tatanggapin mo ang kapatawaran at buhay na walang-hanggan sa Langit. Kung ang paraan ng Dios ay hindi mo pa lubos maintindihan, basahin mo ang mga nasusulat dito nang paulit-ulit hanggang sa maintindihan mo. Wala nang hihigit pa sa iyong kaluluwa. “Ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanglibutan, at mapapahamak naman ang kaniyang buhay?” (Marcos 8:36) Siguraduhin mo na ikaw ay ligtas na. Ang kapahamakan ng iyong kaluluwa ay katumbas ng pagkawala ng pagkakataon sa mamuhay sa Langit at pagkawala

ng lahat. Huwag kang magtiwala sa sinasabi ng iyong damdamin dahil nagbabago-bago ito. Ang paniwalaan mo ay ang hindi nagbabagong mga pangako ng Dios. Pagkatapos mong maligtas, mayroong tatlong bagay na dapat mong gawin araw-araw upang lumago ka sa iyong pananampalataya. Ang una ay ang pagdarasal o pakikipag-usap sa Diyos. Ang pangalawa ay ang pagbabasa ng Bibliya upang ang Diyos naman ang makipag-usap sa iyo. Ang panghuli ay ang pagbabahagi mo ng mensaheng ito sa iba upang makipag-usap naman ang Diyos sa kanila pamamagitan mo. “Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon...” (2 Timoteo 1:8) “Ang bawa’t kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit.” (Mateo 10:32) Kailangan mo ring dumaan sa tubig bautismo bilang iyong pampublikong pagpapahayag ng iyong kaligtasan, pagkatapos ay dumalo ka sa isang simbahang nagtuturo mula sa Bibliya.